

Pagkilala sa Mga Batang may Kapansanan Edad mula Pagkapanganak Hanggang 21

Ang Estado ng Maryland, tulad ng hinihingi ng Batas sa Edukasyon ng Mga Indibidwal na may Mga Kapansanan (IDEA o Individuals with Disabilities Education Act), positibong sinusubukang **hanapin, kilalanin, at tasahin ang lahat ng mga batang may kapansanan nang libre para sa kanilang mga pamilya.**

Ang proseso ng paghahanap, pagkilala, at pagtatasa sa mga sanggol at batang may edad na mula **pagkapanganak hanggang 3** ay ang pananagutan ng Programa para sa Mga Sanggol at Bata sa bawat hurisdiksyon ng Maryland. Infants Maaaring karapat-dapat ang mga bata at sanggol na may mga pagkaantala o kapansanan para sa **mga serbisyo ng maagang pamamagitan.** Idinisenyo ang mga serbisyonang ito upang pahasayin ang potensyal sa paglaki at paglinang ng bata at upang isulong ang kakayahan ng mga pamilyang matugunan ang espesyal na pangangailangan para sa kanilang mga anak.

Ang proseso ng paghahanap, pagkilala, at pagtatasa sa mga batang may edad na **3 hanggang 21** ay ang pananagutan ng sistema ng local na paaralan sa bawat hurisdiksyon ng Maryland. Maaaring karapat-dapat ang mga batang may mga kapansanan sa edad na ito para sa **espesyal na edukasyon** at mga kaugnay na serbisyo (halimbawa, speech therapy, physical therapy, o occupational therapy).

Tawagan kami para sa higit pang impormasyon sa mga serbisyo ng maagang pamamagitan at espesyal na edukasyon sa Maryland: **1-800-535-0182.**

Mga Serbisyo ng Suporta sa Pamilya Para sa Mga Pamilya ng Mga Batang May Kapansananang May Edad Pagkapanganak-21

Ang Maryland ay may mga Tagapag-ugnay ng Mga Serbisyo ng Suporta sa Pamilya sa bawat hurisdiksyon na tumutulong sa mga pamilya ng mga batang may kapansananang may edad na mula pagkapanganak hanggang 21. Ang direktoryo ng Mga Serbisyo ng Suporta sa Pamilya ay nasa Web sa **www.mdecgateway.org.** Kung kailangan mo ng higit pang tulong o impormasyon tungkol sa pagkilala sa mga batang may kapansanan, tawagan kami.

Maryland State Department of Education

Division of Special Education/
Early Intervention Services
Family Services and Interagency Branch
200 West Baltimore Street, 9th floor
Baltimore, Maryland 21201
Toll Free 1-800-535-0182
Fax 410-333-8165

Nancy S. Grasmick

Tagapangasiwang Pang-estado ng Mga Paaralan

James H. DeGraffenreidt, Jr.

Tagapangulo, Lupon ng Edukasyon ng Estado

Carol Ann Heath

Pangalawang Tagapangasiwang Pang-estado
Dibisyon ng Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon/
Maagang Pamamagitan

Martin O'Malley, Gobernador



07/09

Hindi namimili ang Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland nang batay sa lahi, kulay, kasarian, edad, bayang pinagmulan, relihiyon, o kapansanan sa mga bagay na nakakaapekto sa pagtatrabaho o sa pagbibigay ng tulong ng mga programa. Para sa mga pagtatanong na may kaugnayan sa patakaran ng kagawaran, makipag-ugnay sa Equity Assurance and Compliance Branch sa 410-767-0246 Telepono, 410-333-2226 Fax, o 410-333-6442 TDD. • Na-develop at nabuo ang dokumentong ito ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo ng Maagang Pamamagitan na may mga pondo mula sa U.S. Department of Education, Office of Special Education and Rehabilitative Services, IDEA, Part B, Grant #H027A080035A. • Ang mga pananaw na ipinahayag dito ay hindi kailangang sumasalamin sa mga pananaw ng U.S. Department of Education o anumang iba pang ahensyang pampederal at dapat na hindi ituring na ganoon. • Walang copyright ang impormasyon. Hinihikayat ang mga mambabasa na kopyahin at ibahagi ito, ngunit mangyaring bigyang kredito ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon/Mga Serbisyo ng Maagang Pamamagitan, Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland. • Alinsunod sa Batas sa Mga Amerikanong May Kapansanan (ADA o Americans with Disabilities Act) magagamit ang dokumentong ito sa mga kahalling format, sa paghiling. Makipag-ugnay sa Sangay ng Mga Serbisyo sa Pamilya at Interagency sa 410-767-0858 Telepono, 410-333-1571 Fax.

Nag-aalala ka ba sa kung paano ang iyong anak ay nakakakita, nakakarinig, gumagalaw, naglalaro, nagsasalita, natututo, o kumikilos?

- Alam mo ba na ang iyong anak **na may edad na mula pagkapanganak hanggang 21** ay maaaring karapat-dapat para sa **pagsusuri at pagtatasa** kung sa tingin mo ay mayroong kapansanan o pagkaantala ang iyong anak?

Tawagan kami!
1-800-535-0182



KAGAWARAN NG EDUKASYON NG ESTADO NG MARYLAND
Dibisyon ng Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon/
Maagang Pamamagitan


Pag-refer sa Bata Para sa Pagsusuri at Pagtatasa

Ang sinumang naghihinala na may pagkaantala sa paglilinang ng bata o may kapansanan ay dapat na i-refer ang batang iyon upang matukoy ang pagiging karapat-dapat na makatanggap ng maagang pamamagitan o espesyal na edukasyon at mga kaugnay na serbisyo (halimbawa, speech, physical o occupational therapy).

Maaaring isagawa ang mga pag-refer para sa pagsusuri at pagtatasa para sa sinumang batang naninirahan sa Maryland, hindi alintana kung pumapasok ang bata sa pampubliko o pribadong paaralan, ay tinuturuan sa tahanan, walang tahanan, isang migrante, o bahagi ng estado. Kahit ang mga batang nakatatanggap ng mga pasadong marka at umaakyat sa bawat grado sa paaralan ay maaaring karapat-dapat sa mga serbisyo.

Kung pinaghihinalaan mong may pagkaantala o kapansanan ang isang bata, tawagan kami!

Tawagan ang naaangkop na numero sa pag-refer para sa edad ng bata at ang hurisdiksyon sa kung saan naninirahan ang bata. (Nakalista ang mga numero sa pag-refer sa kabilang bahagi ng pahina.) Para sa tulong o higit pang impormasyon, makipag-ugnay sa Maryland State Department of Education Division of Special Education/ Early Intervention Services nang toll free sa 1-800-535-0182.



Lokal na Mga Numero sa Pag-refer sa Maryland

Lokal na Hurisdiksyon	Para sa Edad mula Pagkapanganak-3 Programa sa Mga Sanggol at Bata ng Maryland "Solong Punto ng Pagpasok"	Para sa Mga Edad 3-21 Mga Sistema ng Lokal na Paaralan sa Maryland "Paghahanap ng Bata"
Allegany County	301-689-0466	301-759-2082
Anne Arundel County	410-222-6911	410-766-6662
Baltimore City	410-396-1666	443-984-1011
Baltimore County	410-887-2169	410-887-3017
Calvert County	410-414-7034	410-535-7388
Caroline County	410-479-3246	410-479-3246
Carroll County	410-876-4437 ext. 277	410-751-3295 or 410-751-3033
Cecil County	410-996-5444	410-996-5444
Charles County	301-609-6808	301-753-1745
Dorchester County	410-221-1111 ext. 1023	410-221-1111 ext. 1023
Frederick County	301-600-1612	301-644-5292 or 301-644-5276
Garrett County	301-334-1189	301-334-7655
Harford County	410-638-3823	410-638-4386 or 410-638-4387
Howard County	410-313-7017	410-313-7046
Kent County	410-778-7164	410-778-7164
Montgomery County	240-777-3997	301-947-6050
Prince George's County	1-800-469-1865	301-808-2719 or 301-817-3147
Queen Anne's County	410-758-0720 ext. 4456	410-758-2403 ext. 182
Somerset County	410-623-2037	410-651-1616
St. Mary's County	301-475-4393	301-475-5511 ext. 213
Talbot County	410-820-0319	410-820-8263
Washington County	301-766-8217	301-766-2964
Wicomico County	410-677-5250	410-677-5250
Worcester County	410-632-5033	410-632-5033
Kagawaran ng Edukasyon ng Estado ng Maryland Dibisyon ng Mga Serbisyo sa Espesyal na Edukasyon/Maagang Pamamagitan		1-800-535-0182 Toll Free